



COVID-19 PALUWAGAN
SA RENTA SA CA



**Kayo ba ay nasalanta ng COVID-19?
HINDI ninyo yan kasalanan.**

Makuha ninyong mabayaran nang buong-buo 100% ang inyong upa at mga utility.

Kung ang inyong kakayanang magbayad o tumanggap ng upa at mga pagbayad sa utility ay napasama ng COVID-19, ang Estado ng California ay narito para tulungan ka. Ang mga karapat-dapat ayon sa kitang umuupa at kanilang nagpapaupa ay maaaring makatanggap ng buong-buong 100% tulong pananalapi sa pamamagitan ng programang COVID-19 Paluwagan sa Renta sa CA.

Pawang ang mga umuupa at nagpapaupa ay hinihikayat na mag-apply.

Makakuha ng tulong na buong-buo (100%) ng hindi nababayaranang upa at utilities mula pa noong Abril 1, 2020, pati na ang mga kabayaran sa hinaharap na upa. Ang mga tulong sa utility ay tuwirang ibabayad sa utility provider.

Ang tulong mula sa programang COVID-19 Paluwagan sa Renta sa CA ay hindi maituturing na kinita ng mga umuupa at hindi maaapektuhan ang pagiging karapat-dapat sa iba pang programang tulong na pakinabang mula sa estado. Hindi kayo tatanungin sa inyong pagkamamamayan at ang mga kaalaman tungkol sa inyo ay mananatiling lihim.



Paano ako mag-aapply?

Para malaman ang pagiging karapat-dapat at mag-apply, tumungo sa [HousingsKey.com](https://www.HousingsKey.com) o tumawag sa **833-430-2122**.

Para matulungan sa ibang wika, o para matulungan sa mga kakailanganin para maging karapat-dapat o sa pagpuno sa aplikasyon, magtakda ng appointment sa samahang lokal na malapit sa inyo sa pagtawag sa **833-687-0967**.

Ang programang COVID-19 Paluwagan sa Renta sa CA ay pampamahalaang programang tinataguyod ng Estado ng California.